


siya ng Diyos mula sa mga patay, ikaw ay maliligtas. Sapagka't sa puso ay sumasampalataya ang tao sa ikatutuwid; at sa bibig ang pagpapahayag ay ginagawa sa ikaliligtas." "Sapagka't ang sinumang tatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas." Roma 10:9,10,13

Minamahal na Kaibigan, Ang kaligtasan ay bayad na minsan at para sa lahat noong sinabi ni Cristo ang mga salitang, "Naganap Na." Ang dapat mo na lang gawin ay tanggapin ang biyayang kaloob ng Diyos sa iyo. Manalangin ka at hilingin mo sa Panginoon na tulungan kang talikuran ang kasalanang hindi pagsampalataya sa Kanya at ang pamumuhay sa kasalanan, tanggapin mo si Jesus sa iyong puso ngayon.



P.O. BOX 1115 • YORK, SC 29745 • 803-684-1535  
WWW.HOPETRACTS.ORG  
It Is Finished (Tagalog) Tract 516



Isa sa mga huling sinabi ni Cristo noong Siya ay nakapako sa krus ay ang mga salitang, "Naganap Na." Ang mga katagang ito ay naitala sa Juan 19:30. "Nang matanggap ni Jesus samakatuwid ang suka, ay sinabi niyang, Ito ay natapos na: at kaniyang iniyuko ang kaniyang ulo, at ibinigay ang espiritu."

Ganap nang natugunan ng kamatayan ni Cristo para sa lahat ang katuwiran ng Diyos. Ang kaligtasan ay binayarang buo ni Cristo noong araw na siya ay ipinako sa krus ng Kalbaryo.

Sa Lucas 23:39-43, nalaman natin na noong mamamatay na si Cristo sa krus, isa sa dalawang salarin na kasama niyang napako ang nagsabi, "Panginoon, alalahanin mo ako kapag ikaw ay dumating sa iyong kaharian. At sinabi ni Jesus sa kaniya, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay makakasama kita sa paraiso." Tunay na ang taong ito ay naligtas sa araw din na iyon. Namuhay siyang makasalanan. Sinabi niya mismo, "...sapagka't tinanggap natin ang takdang ganti sa ating mga gawain..." Kung ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng mga gawa ng tao, o anumang ibang paraan, maliban sa biyaya ng Diyos, ang taong ito ay walang pag-aalinlangan na mapupunta sa impiyerno. "Sapagka't sa biyaya ay naligtas kayo sa pamamagitan ng pananampalataya, at iyon ay hindi sa inyong mga sarili: ito ay kaloob ng Diyos: Hindi sa mga gawa, na baka ang sinuman ay magmayabang." Efeso 2:8-9

Ang Salita ng Diyos ay nagpapahayag kung ano ang ating pinaka-mabuting gawa sa harap ng Panginoon. "Ngunit kaming lahat ay tulad ng maruming bagay, at ang lahat naming katuwiran ay gaya ng basahang marumi..." Sa Isias 64:6 Ang kaligtasan ay pagsampalataya sa ganap na gawa ni Cristo.

#### **Mga mahalagang bagay na dapat mo malaman:**

**1. Ikaw ay makasalanan.** "Gaya ng nasusulat, Walang sinumang matuwid, wala, wala ni isa." Roma 3:10 "Sapagka't ang lahat ay nagkasala; at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos;" Roma 3:23

#### **2. Mayroong kabayaran ang kasalanan.**

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan..." Roma 6:23a "Ang kaluluwa na nagkakasala, ito ay mamamatay." Ezekiel 18:20a Ang kamatayang ito ay naipahayag sa Pahayag 20:14-15. "At ang kamatayan at impiyerno ay inihagis sa lawa ng apoy. Ito ang ikalawang kamatayan. At sinuman ang hindi nasumpungang nasusulat sa aklat ng buhay ay inihagis sa lawa ng apoy."

**3. Binayaran ni Jesus ang pagkakautang (kasalanan).** "Datapuwa't ipinapakita ng Diyos ang kaniyang pag-ibig tungo sa atin, sa gayon, samantalang tayo ay mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin." Roma 5:8 "Sapagka't gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan, na ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay." Juan 3:16 "...ang kaloob ng Diyos ay walang-hanggang buhay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon." Roma 6:23b "Na sa kaniyang sarili mismo ay dinala ang ating mga kasalanan sa kaniyang sariling katawan sa ibabaw ng punungkahoy, upang tayo, bilang patay sa mga kasalanan, ay dapat mabuhay sa katuwiran..." 1 Pedro 2:24

#### **4. Dapat mong tanggapin ang kaloob ng Dios.**

"Na kung ipahahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus, at mananampalataya sa iyong puso na binuhay